**Pagsasalita tungkol sa Laudato Si sa mga líder ng comunidad**

Ang pagsasalita tungkol sa Laudato Si sa mga líder ng inyong komunidad ( Parokya Diyosesis ,Organisasyon , institusyon , paaralan at iba) ay isang mahalagang hakbang sa pagkilala kung paano makapagsasagawa ng pagkilos o gawain ang inyong komunidad Ang maikling gabay na ito ay nagbibigay ng ilang mungkahi na maaaring makatulong.

*Bumuo ng maliit na grupo at ipakausap sa inyong líder .*
Ang pagtukoy ng grupo ng tao na may pare-parehong interés sa mga isyu ng Laudato Si ay makatutulong para sa mga bagong kaisipan at mahayaan kumilos ang Banal na Espiritu Tukuyin ang lider o mga líder ng inyong komunidad na may pananagutan para sa mga isyung panlipunan at pangkalikasan . Depende sa inyong konteksto , maaaring ito ay ang Obispo , Kura Paroko , líder ng ministri , tagapamuno ng isang tanggapan , grupo o departamento .

Kausapin ang mga líder na ito bilang isang grupo, at humingi ng oras para matalakay ang mga inisyatibo ng komunidad sa integral na ekolohiya.

*Magsimula sa pagpapahalaga at panalanginBegin*
Bago ang pagpupulong , alamina ng mga pamamaraan na naisagawa na ng inyong mga líder upang pangalagaan ang inyong komunidad. Maaaring kasama rito ang pagtataguyod ng mga inisyatibong pang-edukasyunal , pagbibigay ng paglilingkod sa mahihirap at mga mahihina o vulnerable , o sa pag-oorganisa ng mga kaganapang pangkomunidad . Simulan ang pagpupulong sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang pamumuno.

Manalangin upang anyayahan ang presensya ng Diyos sa pag-uusap . Pumili ng panalangin na makabuluhan sa inyong komunidad , tulad ng panalangin na isinulat ng isang santo , tagapagtatag ng isang relihiyosong order , ng isang kawani ng katuwang na organisasyon at iba pa.

*Magbahagi ng kahalagahan ng integral na ekolohiya*

Ibahagi ang inyong perspektibo sa integral na ekolohiya sa sa lider (mga líder) .Maaring makatutulong kung isasaisip ang mga suusunod:

- Ang sangkatauhan ay tinatawagan ng ating Manlilikha na maging tagapangalaga ng kalikasan , subalit napabayaan natin ang panawagan na iyon . Higit pa tayong dinadala sa panganib ng mas mainit , mas marumi at halos namamatay nang planeta . Para sa marami tumataas ang panganib sa pagkakaroon ng karamdaman sa respiratoryo , karamdaman sa bituka , uhaw , gutom , kawalan ng panirahan at kabuhayan at ang sapilitang pandarayuhan .
- Ang isyung ito ay naiuugnay sa batayang Katuruan ng Katoliko sa pangangalaga sa ating kapwa , pagpaparangal sa ating Manlilikha at pagyakap sa hindi nagbabagong etika ng buhay .
- Maari ninyong alamin kung paano na naaapektuhan ang mga tao ng krisis pang-ekolohiya sa inyong rehiyon at kung paano nababago ang mga epekto ito sa mga susunod na mga taon . Ang mapagkakatiwalaang pananaliksik mula sa ma organisasyon tulad ng UN's Intergovernmental Panel on Climate Change at the World Health Organization ay malawakang makikita sa online.
- Binibigyan ni Pope Francis ng bagong liwanag ang mga sinaunang mga katuruan

ng ating pananampalataya para sa kasalukuyang krisis pang-ekolohiya , bilang pagtugon sa mga palatandaan ng panahon. Ito ay nasasalig sa matagal nang kasaysayan ng mga katuruan ng Katoliko hinggil sa kapaligiran , kasama ang mga katuruan ni Pope Emeritus Benedict XVI , St John Paul II at iba pa.

*Humiling ng Pagkilos*

Hilingin na magsagawa ng pagkilos ang líder (mga líder). Maaaring kasama rito ang pagpapatala ng komunidad sa Plataporma ng Laudato Si Action , pagtataguyod ng pagbubuo ng mga itinalagang grupo , pangunguna sa kaganapan , o anumang katulad nito Maging malinaw sa inyong kahilingan . Mag-alok ng pagbibigay ng boluntaryong tulong mula sa mga nakatalagang indibidwal upang magawa ang mga kahilingan.

*Makinig at tapusin ang pagpupulongListen and conclude the meeting*

Makinig sa pagtugon ng iyong líder (mga líder) . Sikaping maunawaan ang kanyang pananaw , gayundin ang kanyang mga katanungan . Pagkasunduan ang susunod na hakbang na isasagawa . kasama na ang timeline o palatakdaan ng panahon at pagtukoy sa mga mga responsableng mga tao.Tapusin ang pagpupulong sa isang panalangin.

*Pagsubaybay*

Subaybayan ang pag-uusap sa pamamagitan ng pagsasagawa ng nararapat na susunod na hakbang.